

# PAANO GUMAGANA ANG PRUSSIAN BLUE




Ang prussian blue ay isang tabletang maaaring gamitin sa panahon ng emerhensiyang dulot ng radyasyon upang makatulong na alisin ang radioactive na cesium (Cs) at thallium (Tl) sa loob ng katawan ng tao.




Sinasala ng prussian blue ang radioactive na cesium at thallium sa bituka at pinipigilan ang mga itong muling masipsip ng katawan.




Pagkatapos ay gumagalaw ang mga radioactive na materyal sa bituka at inilalabas (idinudumi) sa pamamagitan ng pagtae.

Dahil binabawasan ng Prussian blue ang panahon na naglalagi ang radioactive na cesium at thallium sa katawan, nakakatulong itong limitahan ang haba ng oras na nalalantad ang katawan sa radyasyon.

Makukuha lamang ang Prussian blue sa pamamagitan ng reseta. Ang mga propesyonal sa pampublikong kalusugan at medikal na propesyonal ang magtutukoy kung kinakailangan ang Prussian blue.

HINDI DAPAT uminom ang mga tao ng Prussian blue artist's dye bilang tangkang gamutin ang kanilang mga sarili. Ang uring ito ng Prussian blue ay hindi nilikha upang gamutin ang nakakapinsalang radioactive na kontaminasyon.




U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention
http://emergency.cdc.gov/radiation